

Pagpapalit ng Streetcar tracks sa King Street West at Dufferin Street

Nakaplanong Gawain

Simula mid-September hanggang late October 2025, aayusin ng City of Toronto at TTC ang lumang streetcar tracks sa intersection ng King Street West at Dufferin Street. Magkakaroon din ng pagpapalit ng sidewalk at pagkabit ng tactile plates sa interseksyon na ito. Para sa dagdag na impormasyon, bisitahin ang [project webpage ng City of Toronto](#).

Mga pagbabago sa serbisyo ng TTC

Mula sa **kalagitnaan ng Setyembre 2025 hanggang sa huling bahagi ng Oktubre 2025**, aayusin ng TTC ang serbisyo ng streetcar at bus para ligtas na makumpleto ang konstruksyon sa interseksyon ng King Street West at Dufferin Street gaya ng mga sumusunod:

- Ang **29/329 Dufferin** na mga bus ay lilihis sa King Street West sa Joe Shuster Way sa pamamagitan ng Queen Street West at Shaw Street.
- Ang **929 Dufferin** na mga bus ay paiikliin sa Queen Street West.
- Ang **503 Kingston Rd** na mga kapalit na bus ay ipakikilala, na tumatakbo sa pagitan ng King Street West sa Joe Shuster Way, at Kingston Road sa Victoria Park Avenue (Bingham Loop).
- Ang **504/304 King** at **508 Lake Shore** mga streetcar ay lilihis sa Queen Street West sa pagitan ng Shaw Street at Roncesvalles Avenue. Ang 504B King streetcars ay paiikliin sa Bathurst Street.

Serbisyo ng mga Community Buses at Wheel-Trans

- Ang mga **402 Parkdale Community buses** ay patuloy na tatakbo ng regular na ruta sa Parkdale sa panahon ng konstruksyon.
- Ang mga serbisyo ng **Wheel-Trans** ay patuloy na tatakbo sa lahat ng lugar kung saan pinahihintulutan ang trapiko.

Ang pag-akses ng TTC papunta at mula sa Parkdale habang ginagawa ang konstruksyon

Upang maglakbay sa kanluran o silangan (patungo sa downtown):

- Maglakad pahilaga sa Queen at sumakay sa **501/301 Queen**, **504/304 King**, o **508 Lake Shore streetcar**

Upang maglakbay sa silangan sa King patungo sa downtown:

- Sumakay sa *patungong silangan* na **503 Kingston Rd bus** sa King at Joe Shuster.

Upang maglakbay pahilaga:

- Sumakay sa *patungong pahilaga* na **29/329 Dufferin bus** sa King at Joe Shuster.

Para sa karagdagang impormasyon

Makipag-ugnay kay Justin Valmores, Senior Community Liaison, sa pamamagitan ng telepono sa 437-232-1548 o email KingStreetTrackRenewal@ttc.ca.